



Sumama na sa International Children Club (ICC) ngayong bakasyon ng summer



Ang ICC ay handang tumulong sa mga bata sa kanilang aralin at pag-aaral.

Ang ICC ay malaking tulong sa mga bata. Sama-sama tayong mag-aral.

Narinig mo na ba ang “International children Club”? Dito tinutulungan ang mga bata para mahubog ang kanilang kakayanan at kaalaman sa Japan sa pamamagitan ng pag-aaral at mga palabas. Pag-aaral ang unang adhikain ng ICC. Pangunahing aktibidad ay para matulungan ang mga bata sa elementarya at middle school sa kanilang aralin at iba pang mga gawain sa paaralan. Noong nakaraang taon, natulungan ng ICC ang dalawang mag-aaral sa kanilang iksamen sa high school. Sa kasiyahan ng lahat, nakapasa sila sa piniling paaralan. Naghandog ng pagdiriwang ang ICC para sa kanila kasama ng mga volunteers noong Abril 7. (Tingnan sa kanang bahagi.) Sa ngayon, ang summer vacation (Hulyo at Agosto) ay malapit na.



Isang pagdiriwang sa ICC

Nagkaroon ng pagdiriwang sa ICC noong Abril 7 (Sabado) para sa mga mag-aaral, sa kanilang panibagong antas at gayun din sa patuloy na pag-aaral. Mula Abril 9 ay pasukan na ulit at simula ng bagong piskal na taon. Ang mga bata na may iba't ibang nasyonalidad na nag-aaral sa ICC ay nakisaya kasama ang mga volunteers. Mga dating nag-aral sa ICC at nagtapos na sa pag-aaral ay nakilahok din sa pagdiriwang. Ayon kay Ms.Totsuka sa kanyang pagbabati “Huwag kalilimutan na kayo ay patuloy na sinusupportahan ng mga volunteers at maging masaya sa bagong taon ng pag-aaral.” Lahat ay nasiyahan sa pagkaing hinanda ng mga volunteers at mga palaro: balloon art at iba pang mga kasiyahan.

■ Ang ICC ay magkakaroon ng mga aktibidades sa summer vacation mula Hulyo 21 ~ Agosto 31. Kada Miyerkules, Huwebes, Sabado. 10:00~12:00

Karamihan sa mga volunteers ay dating mga guro at malaking tulong sa mga bata ang kanilang karanasan sa pagbibigay payo at patnubay. Ang ICC ay magiliw na tumatanggap ng mga bata para sa isang masaya at makabuluhang pag-aaral ngayong bakasyon. Halina at sumaling mag-aral at makisaya.

Pagpapagamot ng mga batang nasa elementarya hanggang junior high school ay hindi na kailangang bayaran sa ospital

Simula sa Oktubre, para sa mga taga Fujimi city, Fujimino city at Miyoshi town ang pagpapagamot ng mga batang nasa elementarya at junior high school, ay magiging katulad na ng para sa mga maliliit na bata at mga sanggol na hindi na kailangang magbayad sa mga pagamutan. Ipapadala ang bagong sertipiko sa katapusan ng Setyembre.

Mag-aply kaagad para sa rehistrasyon. Hindi magiging libre ang konsultasyong medical kung walang sertipiko. Sakaling nalimutan dalhin ito sa ospital, bayaran muna at mag-aply ng refund sa tanggapan ng munisipyo, tuwing ika-10 ng susunod na buwan dala ang resibo.

Sa Emergency, tumawag sa 119 na may tagasalin, magsisimula na sa Saitama City.

Ang FICEC ay nagbibigay ng konsultasyon na may tagasalin sa mga tanggapan ng munisipyo at FICEC sa pamamagitan ng celpon at ito ay ginagawa din sa mga munisipyo ng Higashi-Matsuyama, Warabi, Misato City at Namegawa Town. Kami ay nagpupursige para lalong mapaganda ang serbisyong ito. Kasintulad ng serbisyong ito ay sinimulan ng Fire Bureau sa Saitama city ang emergency call, 119 na may tagasalin sa limang wika: Ingles, Instik, Korean, Espanyol at Portuges. Ito ay bukas sa maghapon at magdamag o 24 oras.

Ito ang kauna-unahang panukala ng gobierno at siyudad at marami ang natutuwa at sinimulan na ito.



Natanggap na ba ninyo ang inyong “Provisional resident record”?

Ang mga dayuhang residente ay sakop ng Basic Resident Registration Law kagaya ng mga Hapones. Ipinadala na ng mga munisipyo ang “Provisional resident record” sa mga dayuhang mamamayan at ito ay ipatutupad mula Hulyo 9. Maaaring makakuha ng kopya ang lahat ng miyembro ng pamilya sa Basic Resident Registration. Kung wala pa kayong natatanggap, magsadya lamang sa munisipyo.

Para maging presko kahit brownout, tayo na sa “Fujimi Garden Beach”.

Isang paraiso sa mga bata ang swimming pool lalo’t summer vacation. Ngayong taon ang “Fujimi Garden Beach” ay magbubukas mula Hulyo 7, Sabado. Bukas : Mula Hulyo 7 ~ Setyembre 2 (Linggo), 09:00 – 17:00. Subalit, sa mga araw ng Hulyo 9 ~ 13 at 17 ~ 20, mula 9:00 – 13:00, ito ay para sa eksklusibong gamit ng mga bata sa mga nursery school.

Bayad sa pagpasok: 500 yen sa matatanda, 300 yen sa mag-aaral ng junior high school, 100 yen sa mga bata sa elementarya. Inayos ang ilang palaruan kaya’t siguradong mag-e-enjoy kayo.



Palaro sa Hulyo, 14(Sabado)

Tayo ng magsaya at mag-ehersisyo ngayong bakasyon.

Saan: Bunkyo Gakuin Univ. Gym

Oras: 15:00 – 17:30

Ito ay libre at walang bayad

Kailan: July 14 (Sabado)

FICEC
049-256-4290



Maglagay ng dobleng lock sa inyong mga bisekleta.

Ang mga siyudad sa Saitama Prefecture ay nagbibigay babala sa mga mamamayan sa mataas na insidente ng nakawan ng mga bisekleta. Karamihan sa atin ay nakaranas na ng manakawan ng iniwang bisekleta sa paradahan. Nakakagulat na pagdating sa paradahan ay wala na ang inyong bisekleta. Isaalang-alang na ang paggamit ng bisekleta na hindi ninyo pag-aari o pinulot lamang ay paglabag sa batas. Para makaiwas sa mga insidenteng ganito, maglagay ng dobleng lock kapag ipaparada ang bisekleta. Sa isyu ng Agosto, ilalathala namin ang “Paano ang tamang paggamit ng bisikleta” para sa mga pedestrians.

Nakapagsumite ka na ba para makatanggap ng allowance ng bata?

Ang Child Care Allowance ay pinalitan ng bagong Child Allowance noong April 2012. Dahil sa mga pagbabago sa sistema, kailangang magsumite ng notipikasyon para sa taong 2012. Ang porma ay ipapadala sa bawat pamilya sa kalagitnaan ng Hunyo. Isumite lamang sa munisipyo bago o hanggang Hulyo 20 (Sabado). Sakaling hindi makapag-sumite, hindi kayo makakatanggap ng Child Allowance.

www.ficec.jp/living/

● Basahin din ang Gabay sa pamumuhay sa 6 na lenguahe sa web site, <http://www.ficec.jp>